

WORD

¹⁸Alam naman ninyo kung ano ang ipinangtubos sa inyo mula sa walang kabuluhang pamumuhay na minana ninyo sa inyong mga ninuno. Ang ipinangtubos sa inyo’y hindi ang mga bagay na nawawala katulad ng ginto o pilak, ¹⁹kundi ang mahalagang dugo ni Kristo. Katulad siya ng isang tupa na walang dungis o kapintasan na inihandog sa Diyos. **1 PEDRO 1:18,19**

Hangad ng Diyos at may kakayahan Siya na tayo ay iligtas mula sa mga karamdaman, at maging sa ating kagipitan sa pananalapi, o maging sa mga suliranin natin sa pamilya. Subalit ang pinakamalaking suliranin kung saan tayo dapat maligtas ay ang mula kasalanan, sapagkat ito ay nagbubunga ng espiritwal na kamatayan o pagkawalay sa Diyos. Sa simula pa lamang ay maingat na ginawa ng Diyos ang planong pagsagip at pagbigay sa atin ng buhay na walang hanggan (Tito 1:2). Si Jesus ay ang Ganap na Tagapagligtas. Siya lamang ang nakatupad sa pamantayan ng hustisya ng Diyos at nakapagpalubag ng Kanyang galit sa ating kasalanan (Mga Hebreo 7:27). Sa araling ito, ating aalamin ang mga ginawa ni Jesus, ang Tupa ng Diyos, para sa atin.

1 Tayo ay tinubos mula sa walang kabuluhang buhay.

Alam naman ninyo kung ano ang ipinangtubos sa inyo mula sa walang kabuluhang pamumuhay na minana ninyo sa inyong mga ninuno. Ang ipinangtubos sa inyo’y hindi ang mga bagay na nawawala katulad ng ginto o pilak . . . **1 PEDRO 1:18**

Bagama’t sinabi sa Ang Mangangaral na ang lahat ng ating ginagawa sa mundong ito ay panandalian at walang katuturan, kahulugan, at halaga, si Jesus ay nagawang iligtas tayo sa kawalan ng saysay ng ating makamundong paraan ng pamumuhay. Ito ay sa pamamagitan ng pagbigay sa atin ng *buhay na ganap* (Juan 10:10). Binigyan Niya ng kalutasan ang ugat ng ating mga suliranin—ang kasalanan. Ano ang ibig sabihin ng pagtubos sa atin? Bakit hindi natin kayang iligas ang ating mga sarili?

.....

.....

.....

2 Tayo ay pinalaya sa pamamagitan ng dugo ni Jesus.

. . . kundi ang mahalagang dugo ni Kristo. Katulad siya ng isang tupa na walang dungis o kapintasan na inihandog sa Diyos.

1 PEDRO 1:19

Sinabi sa Bibliya na kung walang pagdanak ng dugo, walang kapatawaran ang kasalanan. Ang ating kaligtasan ay napakahalaga at nangangailangan ng malaki at personal na kabayaran—na tanging si Jesus lamang ang nakagawa. Paano nabago ang paraan mo ng pamumuhay nang iyong malaman kung ano ang kabayaran ginawa ni Jesus para sa iyong buhay?

.....

.....

.....

3 Tayo ay maaari nang manampalataya at umasa sa Diyos.

²⁰Bago pa likhain ang mundo, pinili na ng Diyos si Kristo para maging Tagapagligtas natin. At ipinahayag siya ng Diyos nitong mga huling araw alang-alang sa inyo. ²¹Sa pamamagitan niya, sumasampalataya kayo sa Diyos na muling bumuhay at nagparangal sa kanya. Kaya ang pananalig ninyo ay sa Diyos, at umaasa kayo sa kanya na muli niya rin kayong bubuhayin at pararangalan. **1 PEDRO 1:20,21**

Ipinadala ng Diyos si Jesus para sa ating kapakanan. Dahil sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus, buo ang ating loob sa Diyos na Siya ay totoo at tapat sa pagtupad ng Kanyang mga ipinangako tungkol sa ating mga kalagayan sa buhay. Ano ang sinasabi ng Mga Hebreo 11:1 patungkol sa ating pananampalataya at pag-asa? Paano mo natutunang manampalataya at umasa sa Diyos lamang?

.....

.....

.....